**INTERNATIONAL NAPASA ( October 21, 2025 )**

## 1)PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

保育園の入園児の募集のお知らせ

Para sa mga batang papasok ng Daycare (Hoikuen) sa isang taon ng April 2026 ay maaari ng magpa-reserba ng maaga sa Website ng Siyudad mula sa October 1. At mula sa October 8 hanggang November 7 ay panahon ng pag-aapply ng mga dokumento. Nakatala sa Website ng Hiratsuka City ang Application Form at maaari ring mag-apply sa ekanagawa. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CHILD CARE DIVISION (HOIKU KA)***. **Telephone Number 0463-21-9612 (0463-21-9612).**

## 2)UKOL SA IBRENG KONSULTASYONG LEGAL SA IBA'T-IBANG WIKA

多言語での無料の法律相談のお知らせ

Ang Hoterasu ay nagbibigay ng konsultasyon legal sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa iba't-ibang wika. Eto ay libreng pagpapayo ukol sa paghihiram ng pera, paghihiwalay ng mag-asawa, ukol sa mga manggagawa, aksidente, kalamidad at iba pa. Ang mga wika sa pagpapayo ay Japanese, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, tagalog, wika ng Nepal, Thailand, Indonesia at iba pa.Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0570-0783-77 ( 00783-77 )**.Eto ay mula Lunes hanggang Biyernes, tuwing 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

## 3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa October 25 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 4)UKOL SA PAG-EEKSAMIN NG BREAST CANCER SA ARAW NG LINGGO

日曜日の乳がんの検査のお知らせ

Sa October 26 (Sunday) ay magkakaroon ng "***BREAST CANCER EXAMINATION***" sa Shimin Byouin sa Hiratsuka City. Ang oras ay mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Tatanggapin ang hanggang 26 na taong naunang dumating. Ang bayad ay ¥10,400. Para

sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***MEDICAL AFFAIRS DIVISION (IJI KA ).*** Telephone No. **0463-32-0015 (0463-32--0015).**

## 5)IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa October 26 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**